# ISANG PANGKALAHATANG PANANAW
# NG SENTRONG KABIGATAN
# AT KASALUKUYANG KATOTOHANAN
# NG PAGBABAWI NG PANGINOON
# BAGO ANG KANYANG PAGPAPAKITA

## MGA SUSING PANGUNGUSAP

Ang "diyamante" sa "kahon" ng Biblia
ay ang pahayag na kay Kristo ang Diyos ay naging tao
upang ang tao ay maging Diyos
sa buhay at sa kalikasan subalit hindi sa pagka-Diyos
para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo
upang pasukdulin ang Bagong Herusalem.

Ang dibino at mistikong kinasasaklawan
kung saan maaari tayong pumasok ngayon at kung saan maaari tayong mamuhay
sa katunayan ay hindi lamang ang dibino at mistikong kinasasaklawan
ng Tres-unong Diyos;
ito ay ang dibino at mistikong kinasasaklawan
ng napasukdol na Espiritu at ng malahanging Kristo.

Ang manahan kay Kristo, kinukuha Siya bilang ating pinananahanang lugar,
at ang hayaan Siyang manahan sa atin,
kinukuha tayo bilang Kanyang pinananahanang lugar,
ay ang mamuhay sa realidad ng pansansinukob na pakikipaglakip
ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos
sa tinubos at isinilang na muling mga mananampalataya.

Ang Bagong Herusalem ay isang pagkakabuo
ng pagkadibino at pagkatao
na sama-samang nailangkap, naihalo, at naitayo bilang isang entidad;
mayroong parehong buhay, kalikasan, at pagkakabuo
ang lahat ng bumubuong sangkap,
at sa gayon ay isang sama-samang persona—
ang kasintahang babae, ang asawa ng Kordero.

*© 2023 Living Stream Ministry*

Mensahe Isa

# Ang Sukdulang Gol ng Ekonomiya ng Diyos—Naging Tao ang Diyos upang Maging Diyos ang Tao sa Buhay at sa Kalikasan subalit Hindi sa Pagka-Diyos para sa Pagtatayo ng Katawan ni Kristo upang Pasukdulin ang Bagong Herusalem

Babasahin sa Kasulatan: Efe. 1:4-5; 5:26-27; Heb. 2:10-11; 1 Tes. 5:23

**I. Ang "diyamante" sa loob ng "kahon" ng Biblia ay ang pahayag na kay Kristo ang Diyos ay naging tao upang ang tao ay maging Diyos sa buhay at sa kalikasan subalit hindi sa pagka-Diyos para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo upang pasukdulin ang Bagong Herusalem:**

A. "Pagkaraan ng napakaraming taon sinanhi ng Diyos na malaman ko ang isang bagay lamang—naging tao ang Diyos upang maging Diyos ang tao sa buhay at sa kalikasan subalit hindi sa pagka-Diyos. Ito ang aking namumukod-tanging kabigatan, ang aking namumukod-tanging mensahe" (The Practical Way to Live a Life according to the High Peak of the Divine Revelation in the Holy Scriptures, p. 27).

B. Ang walang hanggang ekonomiya ng Diyos ay ang gawing katulad Niya ang tao sa buhay at kalikasan subalit hindi sa pagka-Diyos at ang gawin ang Kanyang sarili na kaisa ng tao at ang tao na kaisa Niya, sa gayon ay mapalaki at mapalawak sa Kanyang kahayagan, upang ang lahat ng Kanyang dibinong katangian ay mahayag sa mga pantaong kagalingan—1 Tim. 1:3-4; Efe. 3:9; 1:10.

C. Nilikha ng Diyos ang tao sa isang espesyal na paraan—sa Kanyang larawan at ayon sa Kanyang wangis at na may isang espiritu upang kaugnayin Siya at tanggapin Siya; hindi nilikha ng Diyos ang sangkatauhan; sa halip, nilikha Niya ang tao ayon sa Kanyang uri—Gen. 1:26; 2:27; Zac. 12:1.

D. Ang Diyos ay naging tao upang magkaroon ng isang malakihang pagpaparami ng Kanyang sarili at sa gayon ay magbunga ng isang bagong uri—Juan 1:1, 14; 12:24:

1. Ang bagong uri na ito ay hindi uri ng Diyos ni sangkatauhan—ito ay Diyos-taong uri.
2. "Ang kabigatan ko ay ang malinaw na ipakita sa inyo na ang ekonomiya at plano ng Diyos ay ang gawing tao ang Kanyang sarili at gawin tayo, Kanyang mga nilikhang katauhan, na 'Diyos' nang sa gayon Siya ay 'mapaging-tao' at tayo ay 'mapaging-Diyos'" (*A Deeper Study of the Divine Dispensing,* pp. 51-52):
   a. Ipinanganak tayo ng isang dakilang Diyos, kaya tayo ay naging Diyos sa buhay at kalikasan subalit, mangyari pa, hindi sa Kanyang pagka-Diyos; tayo ay naihanay sa Diyos bilang ating dakilang Pinagmulan, at tayo ay Kanyang mga anak—Gal. 4:6; Isa. 63:16; 64:8; 66:12-13.
   b. Siya ay naging Diyos-tao upang ang tao ay maging tao-Diyos; sa kalaunan, Siya at tayo ay nasa parehong kategorya, mula sa parehong uri, at nasa parehong antas.

E. Si Atanasio, isa sa mga naunang ama sa ekklesia, ay nagsabi hinggil kay Kristo, "Siya ay ginawang tao upang tayo ay gawing Diyos," at "Ang Salita ay ginawang laman…upang tayo, na nakikibahagi ng Kanyang Espiritu, ay mapaging-diyos."

**II. Ang pinakakahanga-hanga, pinakaekselente, pinakamahiwaga, at pinakanagpapaloob ng lahat na transpormasyon ng walang hanggan at Tres-unong Diyos sa Kanyang pagiging isang tao ay ang pagkilos ng Diyos sa tao para sa pagsasakatuparan ng Kanyang walang hanggang ekonomiya—Juan 1:14, 29; 3:14; 12:24; Gawa 13:33; 1 Ped. 1:3; 1 Cor. 15:45b; Gawa 2:36; 5:31; Heb. 4:14; 9:15; 7:22; 8:2:**

A. Ang mga transpormasyong ito ay ang mga proseso na pinagdaanan ng Tres-unong Diyos sa Kanyang pagiging isang Diyos-tao, dinadala ang pagkadibino tungo sa pagkatao at pinaghahalo ang pagkadibino sa pagkatao bilang isang unang tularan para sa malakihang pagpaparami ng maraming Diyos-tao; Siya ay naging pagsasakatawan ng Tres-unong Diyos, dinadala ang Diyos sa tao at ginagawang nakakaugnay, nahahawakan, natatanggap, nararanasan, napapasok, at natatamasa ang Diyos—Juan 1:14; 12:24; Col. 2:9.

B. Isinasalita ng Diyos ang mga transpormasyong ito sa Hosea 11:4 sa pagsasabing, "[Hinila Ko sila sa pamamagitan ng mga lubid] ng tao, / Ng mga panali ng pag-ibig"; ang pariralang *sa pamamagitan ng mga lubid ng tao, ng mga panali ng pag-ibig* ay nagpapahiwatig na iniibig tayo ng Diyos sa

pamamagitan ng Kanyang dibinong pag-ibig hindi sa antas ng pagkadibino kundi sa antas ng pagkatao; ang pag-ibig ng Diyos ay dibino, subalit inaabot tayo nito sa mga lubid ng tao, yaon ay, sa pamamagitan ng pagkatao ni Kristo:

1. Ang mga panali (ang mga transpormasyon, ang mga proseso) na sa pamamagitan nito ay hinihila tayo ng Diyos ay kinapapalooban ng pagkakatawang-tao, pantaong pamumuhay, pagkapako sa krus, pagkabuhay na muli, at pag-akyat sa langit ni Kristo; sa pamamagitan ng lahat ng hakbanging ito ni Kristo sa Kanyang pagkatao na inaabot tayo ng pag-ibig ng Diyos sa Kanyang pagliligtas—Jer. 31:3; Juan 3:14, 16; 6:44; 12:32; Roma 5:5:8; 1 Juan 4:8-10, 16, 19.
2. Hiwalay kay Kristo, ang walang-hanggang pag-ibig ng Diyos, ang Kanyang di-nagbabago, sumusupil na pag-ibig, ay hindi makapananaig kaugnay sa atin; nananaig ang di-nagbabagong pag-ibig ng Diyos dahil ito ay isang pag-ibig kay Kristo, kalakip si Kristo, sa pamamagitan ni Kristo, at para kay Kristo.
3. Sa kabila ng ating mga kabiguan at mga pagkakamali, ang pag-ibig ng Diyos ay palaging matagumpay; nalalagpasan ng pag-ibig ang lahat ng bagay at natatanganan ang lugar nito magpakailanman; tanging ang pag-ibig ang katangian ng isang gumulang na tao at tatagal magpasawalang-hanggan—Roma 8:35-39; 1 Cor. 13:8-11; Jer. 31:3.

C. Magmula sa mga sinaunang panahon, mula sa mga araw ng kawalang-hangan, naghahanda nang lumabas sa kawalang-hanggang tungo sa panahon ang Tres-unong Diyos, upang pumasok sa pagkatao kalakip ang Kanyang pagkadibino sa pamamagitan ng pagiging ipinanganak sa Bethlehem bilang isang tao—Mik. 5:2:

1. Ang layunin ng pagkakatawang-tao ay ang dalhin ang Diyos tungo sa tao at ang gawing tao ang Diyos upang ang tao ay maging Diyos sa Kanyang buhay at sa Kanyang kalikasan subalit hindi sa Kanyang pagka-Diyos; Siya ay namumukod-tanging Diyos para sambahin ng mga tao sa Kanyang pagka-Diyos, subalit tayo ay mga Diyos lamang sa buhay at sa kalikasan, hindi sa pagka-Diyos.
2. Ang pagkilos ng Diyos ay nasa tao at sa pamamagitan ng tao upang ipaging-Diyos ang tao, ginagawang Diyos ang tao sa buhay, sa kalikasan, sa pangsyon, at sa kahayagan subalit hindi, mangyari pa, sa pagka-Diyos; sapagkat naipamahagi na "ang Espiritu ang Banal" tungo sa ating espiritu, tayo at ang Espiritu ay isang espiritu (Roma 8:16; 1 Cor. 6:17), at ang ating espiritu ngayon ay "isang banal na espiritu" (2 Cor. 6:6).
3. Kaya, bilang Diyos-tao, hindi tayo dapat gumawa ng anumang pagkilos, humarap sa anumang sitwasyon, o tumugon sa anumang pangangailangan hiwalay sa nagpapaloob ng lahat na Espiritu; ang daang kailangan nating tahakin ngayon ay ang daan ng pagkilos sa pagkilos ng Espiritu at ng pagsasanhi sa Espiritu na kumilos sa ating pagkilos—Apoc. 22:17a; Roma 8:4; Gal. 5:25; Roma 1:9; Fil. 3:3; cf. Ezek. 1:15-21.
4. Sa aklat ng Mga Gawa, kumilos ang tao sa pagkilos ng Diyos, at kumilos ang Diyos sa pagkilos ng tao; sa gayon, ang mga apostol ay naging ang gumaganap na Diyos, yaon ay, Diyos sa pangsyon—16:6-10.

**III. Ang ating pagiging Diyos sa buhay at sa kalikasan subalit hindi sa pagka-Diyos ay pinasimulan ng Diyos Ama sa kawalang-hanggang nakalipas sa pamamagitan ng pagpili Niya sa atin upang maging banal, itinatalaga tayo noong una pa tungo sa pagkaanak; ang dibinong pagpapabanal para sa dibinong pagkaanak ay ang sentro ng dibinong ekonomiya at ang sentrong kaisipan ng pahayag sa Bagong Tipan—Efe. 1:4-5:**

A. Ang mapabanal ay ang magawang banal, yaon ay ang maibukod tungo sa Diyos at matigmakan ng Diyos bilang ang Banal na Isa, ang Isa na iba, natatangi, mula sa lahat ng bagay na karaniwan—1 Ped. 1:15-16; Efe. 1:4-5

B. <u>Pinili Niya tayo</u> kay Kristo bago pa itinatag ang sanlibutan <u>upang maging banal upang tayo ay maging Diyos sa kalikasan</u> (b.4); tanging ang Diyos ang Isa na siyang banal; upang tayo ay maging banal, kailangan natin ang Diyos sa Kanyang banal na kalikasan na maipamahagi tungo sa atin, at ang banal na kalikasang ito ay nagiging ang banal na elemento na ipinangpapabanal sa atin ng Espiritu Santo (2 Ped. 1:4; Heb. 12:14).

C. Itinalaga Niya tayo noong una pa tungo sa pagkaanak kahit bago pa man tayo nilikha <u>upang tayo ay maging Diyos sa buhay</u> (Efe. 1:5); upang tayo ay maging mga anak ng Diyos, kailangan nating

maipanganak ng Diyos sa pamamagitan ng pamamahagi ng buhay ng Diyos tungo sa ating katauhan (Juan 1:12-13; 3:6; 1 Juan 5:11-12):

1. Inihahayag sa Efeso 1:4-5 na pinili tayo ng Diyos na maging banal para sa layunin ng ating pagiging ginawang mga anak ng Diyos; ang magawang banal ay ang proseso, ang pamamaraan, samantalang ang maging mga anak ng Diyos ang layunin, ang gol, nang sa gayon ang ating buong katauhan, kasama ang ating katawan (Roma 8:23), ay "mapaging-anak" ng Diyos (Apoc. 21:2, 9-11).
2. Inihahayag sa Hebreo 2:10-11 na dinadala ng nabuhay na muling Kristo bilang Pinuno, Maykatha, ng pagliligtas ng Diyos ang maraming anak tungo sa kaluwalhatian sa pamamagitan ng pagpapabanal sa kanila.

**IV. Ang dibinong pagpapabanal ay ang tumatatangang linya sa pagsasagawa ng dibinong ekonomiya upang dibino tayong gawing mga anak, ginagawa tayong mga anak ng Diyos upang tayo ay maging katulad ng Diyos sa Kanyang buhay at sa Kanyang kalikasan (subalit hindi sa Kanyang pagka-Diyos), upang tayo ay maging kahayagan ng Diyos; kaya, ang pagpapabanal ng Diyos ay ang dibinong pagpapaging-anak:**

A. Sinasani natin na ang pagpapabanal ang tumatangang linya dahil bawat hakbang ng gawain ng Diyos sa atin ay ang gawin tayong banal; ang pagsasagawa ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos ay sa pamamagitan ng pagpapabanal ng Epiritu—1 Tes. 5:23; Juan 17:17 Efe. 5:26-27; 1 Cor. 6:11; 12:3b; Heb. 12:4-14; Roma 8:28-29; Efe. 4:30; 1 Tes. 5:19; Apoc. 2:7a; Awit 73:16-17, 25-26.

B. Ang naghahanap na pagpapabanal, ang paunang pagpapabanal, ay tungo sa pagsisisi upang ibalik tayo sa Diyos—1 Ped. 1:2; Luc. 15:8-10, 17-21; Juan 16:8-11.

C. Ang nagtutubos na pagpapabanal, ang pamposisyong pagpapabanal, ay sa pamamagitan ng dugo ni Kristo, upang ilipat tayo mula kay Adam tungo kay Kristo—Heb. 13:12; 9:13-14; 10:29.

D. Pinapabago tayo ng nagsisilang na pagpapabanal, ang simula ng pandisposisyong pagpapabanal, mula sa ating espiritu upang gawin tayo, ang mga makasalanan, na mga anak ng Diyos—isang bagong nilikhang may dibinong buhay at kalikasan—Juan 1:12-13; 2 Cor. 5:17; Gal. 6:15.

E. Pinapabago ng nagpapabagong pagpapabanal, ang pagpapatuloy ng pandisposisyong pagpapabanal, ang ating kaluluwa mula sa ating kaisipan hanggang sa lahat ng bahagi ng ating kaluluwa upang gawing isang bahagi ng bagong nilikha ng Diyos ang ating kaluluwa.

F. Metaboliko tayong binubuoang-muli ng nagtatranspormang pagpapabanal, ang pang-araw-araw na pagpapabanal, ng elemento ni Kristo upang gawin tayong isang bagong pagkakabuo bilang isang bahagi ng organikong Katawan ni Kristo—1 Cor. 3:12; 2 Cor. 3:18.

G. Hinuhubog tayo ng nagwawangis na pagpapabanal, ang humuhubog na pagpapabanal, sa larawan ng maluwalhating Kristo upang gawin tayong kahayagan ni Kristo; ang ating pagkawangis ay ang ating paggulang sa dibinong buhay na sa pamamagitan nito ay nakikilahok tayo sa pagkadibino ng Diyos nang ganap at nagiging solido sa pagtataglay ng Kanyang dibinong elemento—Roma 8:28-29; Heb. 6:1a.

H. Tinutubos ng nagluluwalhating pagpapabanal, ang nagpapasukdol na pagpapabanal, ang ating katawan sa pamamagitan ng pagbabagong-anyo rito upang gawin tayong kahayagan ni Kristo nang ganap at sa kaluwalhatian—Fil. 3:21; Roma 8:23.

**V. Ang dibino, pandisposisyong pagpapabanal ay isinasagawa ni Kristo bilang nagbibigay-buhay, nagpapabanal, at nagsasalitang Espiritu—1 Cor. 15:45b; 1 Tes. 5:23; Efe. 5:26.**

A. Pinababanal ni Kristo bilang Espiritung nagbibigay-buhay ang ekklesia sa pamamgitan ng paglilinis sa kanya ayon sa paghuhugas ng tubig na nasa salita; ayon sa dibinong kaisipan, ang tubig dito ay tumutukoy sa umaagos na buhay ng Diyos na isinasagisag ng umaagos na tubig (Exo. 17:6; 1 Cor. 10:4; Juan 7:37-39; Apoc. 7:17; 21:6; 22:1, 17); tayo ngayon ay nasa ganitong proseso ng paghuhugas upang ang ekklesia ay maging banal at walang dungis.

B. Ang salitang Griyego para sa paghuhugas sa Efeso 5:26 sa literal ay hugasan; sa Lumang Tipan ginamit ng mga saserdote ang hugasan upang hugasan ang kanilang makalupang karumihan (Exo. 30:18-21); araw kada araw, umaga at gabi, kailangan nating lumapit sa Biblia at malinisan ng hugasan ng tubig sa salita.

C. Ginagamit ni Pablo ang salitang Griyegong rhema kapag nagsasalita siya hinggil sa salita kalakip ang naghuhugas na proseso nito (Efe. 5:26); ang logos ay obhektibong Salita ng Diyos na nakatala sa Biblia;

ang rhema ay ang salita ng Diyos na isinalita sa atin sa isang tiyak na pagkakataon (Marc. 14:72; Luc. 1:35-38; 5:5; 24:1-8).

D. Bilang Espiritung nagbibigay-buhay, si Kristo ang nagsasalitang Espiritu; anuman ang Kanyang sinasabi ay ang salita na naghuhugas sa atin; hindi ito tumutukoy sa logos, sa palagiang salita, kundi sa rhema, na tumutukoy sa isang kagyat na salita, ang salitang kasalukuyang isinasalita ng Panginoon sa atin—Mat. 4:4; Juan 6:63; Apoc. 2:7; 22:17a; cf. Isa. 6:9-10; Mat. 13:14-15; Gawa 28:25-31.

E. Naghahayag ng isang bagay sa atin ang rhema sa pampersonal at tuwiran; ipinakikita nito sa atin kung ano ang kailangan nating tuusin at kung saan tayo dapat malinis (ang hugasang tanso ay isang salamin na makapag-aaninag at makapaghahantad—Exo. 38:8); ang mahalagang bagay para sa bawat isa sa atin ay ito—isinasalita ba ng Diyos ang Kanyang salita sa akin ngayon?—Apoc. 2:7; 1 Sam. 3:1, 21; Amos 3:7.

F. Ang isang bagay na palagi nating pinahahalagahan ay yaong personal at tuwiran pa ring nagsasalita ang Diyos sa atin ngayon; ang totoong paglago sa buhay ay nakadepende sa ating tuwirang pagtanggap sa salita mula sa Diyos; tanging ang Kanyang pagsasalita sa atin ang may totoong espiritwal na halaga—Heb. 3:7-11, 15; 4:7; Awit 95:7-8.

G. Ang sentrong punto ng ating mga panalangin ay dapat ang ating pananabik para sa pagsasalita ng Panginoon, na nagbibigay-kakayahan sa ating tuparin ang gol ng Kanyang walang hanggang ekonomiya ayon sa nais ng Kanyang puso na mataglay ang Kanyang dibinong pagkaanak—Luc. 1:38; 10:38-42; Efe. 1:5.

H. Sa isang napakapraktikal na kahulugan, ang presensiya ng Panginoon ay kaisa ng Kanyang pagsasalita; sa tuwing nagsasalita Siya, natatanto natin ang Kanyang presensiya sa loob natin; ang pagsasalita ni Kristo ay ang mismong presensiya ng Espiritung nagbibigay-buhay—cf. Exo. 33:12-17; Heb. 11:8.

I. Ang pagsasalita ng nananahanang Kristo bilang Espiritung nagbibigay-buhay sa loob natin ay ang naglilinis na tubig na nag-iimbak ng isang bagong elemento tungo sa atin upang halinhan ang lumang elemento sa ating kalikasan at disposisyon; ang ganitong metabolikong paglilinis ang nagsasanhi ng isang tunay at panloob na pagbabago sa buhay, na siyang realidad ng pandisposisyong pagpapabanal at transpormayon.

**VI. Ang ating pagiging napabanal para sa dibinong pagkaanak ay sukdulang magaganap sa Bagong Herusalem bilang banal na lunsod (Apoc. 21:2, 10) at ang kabuoan ng dibinong pagkaanak (b. 7); ito ang sukdulang kaganapan ng pagiging tao ng Diyos sa laman upang ang tao ay maging Diyos sa Espiritu upang magtamo ng isang sama-sama, malaking Diyos-tao (bb. 3, 22) para sa sama-samang kahayagan, ang kaluwalhatian, ng Tres-unong Diyos (bb. 11, 23).**

*© 2023 Living Stream Ministry*